

## Bantayan, Agapan, at Labanan ang

# Karahasang Sekswal

Likhaan
center for women's health

## Kahulugan

Ang karahasang sekswal (sexual violence) ay anumang sekswal na aksyon na ginawa sa isang tao nang sapilitan o walang malayang pagpayag.

## Pamimilit

Masasabing sapilitan kung ginawa ng may sala (perpetrator) ang kahit isa sa mga ito:

- Pisikal na puwersa
- Pagbabanta o pananakot
- Pagsamantala sa hindi makatutol o makalaban: walang malay, lasing, lango sa droga o gamot, may kapansanan sa isip, wala sa hustong edad, at iba pa
- Paggamit ng awtoridad, kapangyarihan, o dominanteng posisyon
- Iba pang aksyon na pampawi o pampahina sa kalayaang magpasya



Pisikal na puwersa



Banta o pananakot



Pagsamantala sa hindi makatutol o makalaban





Iba pang pampahina ng karapatang magpasya



Paggamit ng awtoridad, kapangyarihan, dominasyon

## Mga halimbawa

- Rape o panggagahasa. Maisasama dito ang:
  - Sapilitang pagpasok o paggamit ng may sala ng kanyang ari, bahagi ng katawan o kagamitan sa ari, bibig o puwet ng biktima.
  - Sapilitang pakikipagsex. Puwedeng mangyari ito kahit pa asawa o karelasyon ang may sala.
  - Sapilitang incest o sex sa kamag-anak.
- Sexual harassment o panggigipit. Maisasama dito ang:
  - Hindi ginustong paghipo sa bahagi ng katawan—halimbawa sa binti, suso, puwet, o ari—may damit man o wala. Gayundin ang pagpilit sa biktima na hipuin niya ang may sala.
  - Hindi ginustong sekswal na aksyon, gaya ng pag-sipol, pagpaabot ng sekswal na komento, pagpa-pakita ng pornograpiya o ng ari, pamboboso, at iba pa. Puwedeng harapan, o pinadaan sa cellphone, social media, sulat, at iba pa .
- Sapilitang prostitusyon o pornograpiya.
- Pagdahas sa sekswalidad, gaya ng pagtapyas sa ari ng batang babae (female genital cutting), at maraming iba pa.






## Sino, saan, at bakit

Kahit sino maaring mabiktima. Pero mga babae, bata, at taong minamaliit ng lipunan ang kadalasang tinatamaan.

Maaaring estranghero o kakilala ang gumawa nito. Maaaring kapamilya, asawa, kaibigan, mga taong mataas o mababa ang katayuan sa lipunan.

Maaring mangyari ito kahit saan—sa tahanan, paaralan, pinagtatrabahuhan, pagamutan, at iba pa; sa kahit anong kalagayan—mapayapa man o may giyera o kaguluhan.

Ginagawa ito ng mga may sala hindi lang dahil sa sekswal na pagnanasa, kundi higit upang sakupin at ipailalim ang biktima sa kapangyarihan nila.

## Mga nagpapalaki ng panganib

May iba't ibang salik na nagpapalaki sa panganib na makagawa ng karahasang sekswal ang isang tao.


**Indibidwal**—paggamit ng alak at droga; madalas na paglabag sa batas (delingkuwente); kakulangan ng pakikiramay o pakikipagkapwa-tao; pagiging agresibo; pagiging biktima ng karahasan; maagang karanasan sa sex; dominanteng pagpapaka- lalaki o macho; matinding galit sa mga babae o LGBT (lesbian, gay, bisexual, transgender); dating karahasang sekswal, bilang biktima o may sala

**Pamilya**—may pisikal na karahasan at away sa loob; kasaysayan ng pisikal, sekswal at emosyonal na abuso mula pagkabata; pamilyang kapos sa suportang emosyonal; pagbarkada sa mga taong agresibo sa sex, macho, o delingkuwente; nasa marahas o abusadong relasyon

**Komunidad**—kulang ang kaalaman, maluwag, o pabaya sa karahasang sekswal sa komunidad; mahinang institusyon ng pag-imbestiga, paghuli at pagparusa sa mga salarin; kakulangan ng serbisyo para sa kagalingan at pag-unlad ng kababaihan at kabataan

## Mga epekto ng karahasang sekswal

- **Pagkamatay**—pinatay, nagpakamatay, o namatay dahil sa pinsala o nakuhang sakit
- **Pinsala**—iba't ibang sugat, pagkabali o sira sa katawan
- **Sakit o hindi gustong kondisyon**—impeksyon mula sa sex o STI; HIV at AIDS; impeksyon sa ihian; impeksyon mula sa sugat, gaya ng tetano; pagkabaog; hindi ginustong pagbubuntis; hindi ligtas na pagpapalaglag; matagalang pananakit ng puson; kumplikasyon sa pagbubuntis; at iba pa
- **Sakit sa pag-iisip**—pagkabalisa o nerbiyos; matinding takot; matinding kalungkutan o depresyon; adiksyon sa sigarilyo, alak, gamot o droga; pag-iisip o pagtatangkang magpakamatay; at iba pa



## Serbisyong pangkalusugan at pangkagalingan

**Emerhensiya**


- Emosyonal na suporta
- Paglunas sa mga sugat at pinsala; pag-iniksyon ng tetanus toxoid kung nararapat
- Pag-iwas na mabuntis gamit ang pang-emerhensyang kontraseptibo (hanggang 5 araw matapos magahasa)
- Pag-iwas magka-STI gamit ang mga antibiotiko
- Pag-iwas sa HIV gamit ang mga kontra-HIV na gamot, kung nararapat (hanggang 3 araw matapos magahasa)
- Referral para sa ispesyalistang serbisyo: medical emergency care; psychiatric care
- Iba pang suporta: tulong na magsampa ng kaso, kung gusto ng biktima; kaligtasan at proteksyon, gaya ng pagkupkop sa ibang bahay

**Pangmatagalan**

- Pagpaunlad ng kakayahang kumilala, umiwas at magtanggol sa sarili laban sa karahasang sekswal
- Serbisyong pangkagalingan at pagpapaunlad, gaya ng trabaho, Pantawid na programa, at iba pa
- Programa para mapagbagong-buhay ang mga may sala

## KUNG KAILANGAN MO NG TULONG

- **Telepono/Hotline:** 0939-291-3601; 0926-078-7117
- **Address:** 1909 Radial Road 10, Bgy. 107, Tondo, Manila (malapit sa Herbosa St.) • Online map: bit.ly/go2lila
- **Araw at oras:** Martes hanggang Sabado, 8am–4pm



## Maitutulong ng komunidad

**Pagtulong sa nabiktima o nakaranas**

- Pag-ugnay nila sa mga pagamutan
- Pag-alam kung may mga pangyayari
- Pagpayo
- Pag-unawa; huwag husgahan o pagtsismisan
- Pagpaabot sa mga awtoridad



**Pagsugpo o pagbawas ng karahasang sekswal**

- Pagpapalawak ng pananaw sa karahasang sekswal bilang malaking problema sa kalusugan, hindi lang sa hustisya
- Pagbibigay ng kaalaman sa komunidad, lalo na sa kabataan at mga magulang
- Pagpapalaganap ng pantay na relasyon ng mga magpartner, at ng maayos na pagtrato ng magulang sa mga anak
- Paglaban sa macho na kaisipan at ugali sa loob ng pamilya at komunidad

- **Serbisyong libre at hindi malalaman ng iba (may privacy at confidentiality):**
  - Eksaminasyong medikal
  - Paunang-lunas sa sugat, pasa, atbp.
  - Pang-agap na hindi mabuntis
  - Pang-iwas sa STI (HIV, hepatitis B, tulo, atbp.)
  - Bakuna sa tetano
  - Referral para sa counseling, tempo-raryong pagkupkop, kaligtasan at protek-syon, ospital kung kinakailangan, o iba pang serbisyo

## Likhaan Center for Women's Health – Clinics

**Manila**

- 1909 Radial Road 10, Bgy. 107, Tondo (near Herbosa St.) • Tel: 261-9369 & 964-5705 • Online map: bit.ly/go2lila • Tue–Sat, 8am–4pm ⬠
- 2362-C Crisolita St., Bgy. 804, San Andres Bukid (near Florentino Torres St.) Tel: 732-0327 • Online map: bit.ly/go2crisolita • Tue–Sat, 8am–4pm ⬠
- 354 Zaragoza St., Bgy. 13, Tondo (near Wagas St.) • Tel: 0927-0629711 & 247-4117 • Online map: bit.ly/go2zaragoza • Tue–Sat, 8am–4pm △

**Navotas**

- Dalagang Bukid St. corner Karpa Alley, Bgy. NBBS • Tel: 0927-0629727 & 398-2784 • Online map: bit.ly/go2dalaga • Tue–Sat, 8am–4pm △

**Quezon City (main office)**

- 27 Ofelia St., Bgy. Bahay Toro (near Road 20) • Tel: 926-6230 & 454-3854 • Online map: bit.ly/go2likhaan • Mon–Fri, 10am–4pm • office@likhaan.org

**San Jose del Monte, Bulacan**

- San Jose del Monte-Norzagaray Road (Quirino Highway), Bgy. Minuyan Proper (near Towerville Phase I) • Tel: 0927-0629719 & 261-9384 • Online map: bit.ly/go2minuyan • Tue–Sat, 8am–4pm △

**Eastern Samar**

- National Highway, Bgy. 5, Giporlos municipality • Tel: 0948-9044611 • Online map: bit.ly/go2giporlos • Tue–Sat, 8am–4pm △

– Birthing Home, DOH-licensed & PhilHealth accredited
⬠ – Jointly operated with *Médecins Sans Frontières (MSF)*
△ – With funding support from *Global Affairs Canada (GAC)* & *Inter Pares*

Lahat ay may family planning/kontrasepsyon (IUD, implant, injectables, pills, condoms, LAM, NFP, at referral para sa tubal ligation at vasectomy) at iba pang reproductive health na serbisyo, gaya ng sa sexually transmitted infections at cervical cancer screening. May partikular na serbisyo ang ilan, gaya ng sexual violence health services (tingnan sa p. 6–7), VIA at cryotherapy (cervical cancer screening & treatment) kapartner ang MSF. Tumawag para sa dagdag na impormasyon.

## Prinsipyo ng Likhaan Center for Women's Health

Karapatang pantao ang kalusugan. Hindi dapat pagkaitan ng serbisyo ang sinuman dahil siya'y mahirap, babae, bata, LGBT, may kapansanan, o kayang gipitin ng diskriminasyon. Dahil dito, binibigay namin nang libre at mahusay sa pasyente ang anumang tulong o kita mula sa PhilHealth, gobyerno, at donor.

Responsibilidad ng Likhaan ang lahat ng nilalaman ng babasahing ito. Sinikap naming ibatay sa pinakabagong dokumento ang mga impormasyon at interpretasyon. Anumang pagkakamali ay amin. Hindi dapat ipakahulugan na suportado ng mga organisasyon at ahensyang nabanggit dito ang nilalaman ng babasahin.
Enero 2019 • Likhaan • office@likhaan.org